



NEWS RELEASE

baaqmd.gov



PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Marso 12, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Nagsimula ang pagtanggap ng mga application sa Programa ng Malinis na HEET ng Distrito ng Hangin

Pinapalitan ng mga insentibo na magagamit para tulungan ang mga nagmamay-ari ng bahay sa Bay Area ang mga kalan na gumagamit ng kahoy at mga fireplace insert na mayroong de-kuryenteng mga heat pump

SAN FRANCISCO – Ngayon, magsisimulang tumanggap ng mga application ang Distrito ng Programa ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Malinis na Mabisang Pagpapainit gamit ang De-kuryenteng Teknolohiya, o Malinis na HEET ng Bay Area, para sa mga gawad na makakatulong na tumbasan ang gastos ng paglipat mula sa kalan na gumagamit ng kahoy o fireplace insert sa de-kuryenteng heat pump. Idinisenyo ang programa para pagandahin ang kalidad ng hangin sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagpapalit sa mga aparato ng pagpapainit na nagsusunog ng kahoy na nagdudulot ng polusyon sa mga opsyon ng pagpapainit na mas malinis.

“Sa pagtutulongan natin para mapabilis ang transisyon sa walang emisyon sa hinaharap, nagbibigay ang mga heat pump ng mas magandang alternatibo sa pagsusunog ng kahoy,” sinabi ni Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang usok ng kahoy ay nananatiling pangunahing pinagmumulan ng pagpaparumi sa hangin sa Bay Area sa panahon ng taglamig at higit na nakakasama sa mga bata, matanda at mga taong may mga kondisyon sa paghinga.”

Nagbibigay ang mga heat pump ng malinis at matipid sa kuryente na alternatibo sa mga appliance na gumagamit ng kahoy sa pagpapainit, mga pugon, at mga air conditioner. Kagaya ng isang refrigerator, gumagamit ang mga heat pump kuryente para ilipat ang init mula sa hangin mula sa labas para painitin ang isang bahay. Maaari ding palamigin ng karamihan heat pump ang bahay sa pamamagitan ng pabalik na pag-operate, tinatangal ng init mula sa loob.

Sinusuportahan din Programa ng Distrito ng Hangin sa Malinis na HEET ang ibang mga programang insentibo na kasalukuyang ibinibigay sa mga nagmamay-ari ng bahay sa Bay Area para tulungan na bawasan o pababain ang gastos ng pagkabit sa mga opsyon ng mas malinis na pagpapainit. Bilang karagdagan sa pagpopondo ng Programa ng Malinis na HEET, nagbibigay din ng ibang mga programa ng suporta at teknikal na tulong sa may mababang kitang mga residente. Available ang listahan ng mga insentibong opsyon sa www.baaqmd.gov/WoodSmokeGrant.

Nagbibigay ang Programa ng Malinis na HEET sa mga kwalipikadong nagmamay-ari ng bahay nang hanggang sa \$6,500 para palitan ang isang karapat-dapat na device at maaaring humiling ang mga aplikante ng karagdagang pagpopondo kung lumalahok sila sa isang programa ng tulong sa kwalipikadong mababang kita o kung magpapalit sila ng pangalawang karapat-dapat na device.

Ang pangkalahatang ideya ng mga kinakailangan ng programa ay kinabibilangan ng:

- Dapat tumanggap ang mga aplikante ng pag-apruba mula sa Distrito ng Hangin bago gumawa ng anumang pagbili o pagsisimula ng anumang trabaho.
- Walang retroactive na pag-reimburse ang pinapahintulutan.
- Tanging ang mga kalan na gumagamit ng kahoy at nagsusunog ng kahoy na mga fireplace insert ang karapat-dapat para sa pamalit; hindi kwalipikado ang mga karaniwan o open-hearth na mga fireplace.
- Sa pagkabit ang bagong heat pump, ang lumang kalan o insert ay dapat hindi na gamitin at dalhin sa recycling center.
- Inuuna ang pagpopondo para sa mga nagmamay-ari ng bahay na matatagpuan sa mga komunidad ng rehiyon na pinaka naaapektuhan ng pagpaparumi sa hangin, kabilang ang East at West Oakland, Richmond, San Pablo, Bayview Hunters Point at Southeast San Francisco.
- Tatanggapin ang mga application hanggang 5 p.m. PDT, Mayo 15, 2024.

Magbibigay ang Programa ng Malinis na HEET ng mga gawad sa halos 300 na mga nagmamay-ari ng bahay at pinopondohan ng Programa ng Gawad na Salapi para sa Tina-target na Airshed ng Ahensya para sa Proteksyong Pangkapaligiran, o TAG, na nagbibigay ng mga gawad para pagandahin ang kalidad ng hangin sa buong bansa pagbibigay-diin sa pagpapababa ng PM_{2.5}, o pinong particulate matter, mga konsentrasyon ng nakapaligid na hangin, na may tugmang pagpopondo ng Distrito ng Hangin.

Para sa higit pang impormasyon pakibisita ang www.baaqmd.gov/WoodSmokeGrant o kontakin ang Distrito ng Hangin sa woodsmokegrants@baaqmd.gov o (415) 749-5195 para sa higit pang mga detalye.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [X/Twitter](#), [Facebook](#), Instagram at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pagpapahayag na Balita](#)